Ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagpapahuli sa paglalakbay at nag-aakay ng mahina, nag-aangkas, at dumadalangin para rito.

Ayon kay Jābir bin `Abdillāh, malugod si Allah sa kanilang dalawa: "Ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagpapahuli sa paglalakbay at nag-aakay ng mahina, nag-aangkas, at dumadalangin para rito."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ang kahulugan: Na ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nasa hulihan noon ng mga tao sa paglalakbay upang makita niya ang kalagayan ng mga tao at mga nangangailangan upang tulungan sa paglalakbay, gaya ng mahina ang pangangatawan at isang walang hayop na masasakyan. Inaakay niya ang mahina, kinakarga sa likod niya, at dumadalangin para rito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5971